

Ang impormasyong nariirito ay para sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento.

ALAMIN ANG INYONG

MGA KARAPATAN SA PAGBOTO



Maaari Ba Akong Bumoto sa Darating na Eleksyon?

Paano Ako Makakapagsimula?

Upang makaboto sa isang eleksyon, dapat muna kayong "magparehistrong" bumoto! Maaari kayong magparehistro kung kayo ay:

- isang mamamayan ng U.S.;
- isang residente ng California;
- magiging 18 o mas matanda sa Araw ng Eleksyon;
- hindi nakakulong sa kasalukuyan o hindi naka-parole dahil nahatulan sa isang krimen; at
- hindi nahusgahan ng isang korte bilang "may problema sa pagiisip".

Paano Ako Magpaparehistro upang Makaboto?

Ang huling araw ng pagpaparehistro ay 15 araw bago ang eleksyon: **Oktubre 22, 2018**. Maaari kayong magparehistro:

- online sa www.registertovote.ca.gov;
- Sa DMV, post office, aklatan, o sa tanggapan ng eleksyon ng inyong county; o
- sa pagtawag sa 800-345-VOTE (8683) upang mag-request ng form sa pagpaparehistro ng botante.

Paano Kung Nakaligtaan Ko ang Huling Araw ng Pagpaparehistro ng Botante?

Walang problema! Kung makaligtaan ninyo ang huling araw ng pagpaparehistro ng botante sa Oktubre 22, 2018, maaari pa rin kayong magparehistro upang makaboto sa pamamagitan ng "kondisyonal na pagpaparehistro ng botante o conditional voter registration", na nagbibigay-daan sa inyong magparehistro at bumoto (nang sabay) pagkalipas ng huling araw ng pagpaparehistro ng botante. Pumasok sa kahit anong Center ng Pagboto sa inyong county, magparehistro upang makaboto, at pagkatapos ay bumoto!

CALIFORNIA 2018

Pangkalahatang Eleksyon:

Martes, Nobyembre 6, 2018 Huling
Araw ng Pagpaparehistro ng Botante:
Lunes, Oktubre 22, 2018.

Paano Kung Hindi Ko Alam Kung Nakarehistro na Akong Bumoto?

Maaari ninyong alamin online upang matukoy kung nakarehistro kayo sa <https://voterstatus.sos.ca.gov>. Kung hindi kayo sigurado, maaari kayong magparehistrong muli. Kailangan din ninyong muling magparehistro upang makaboto kung nagpalit kayo ng pangalan o tirahan.

Kailangan Ko Bang Pumili ng Partidong Politiko?

Hindi. Kung gusto ninyong maging independiyente, maaari kayong magparehistro nang "Walang Pinipiling Partido" o iwanang blangko ang seksyong iyon. Mag-ingat! Ang pagpaparehistro sa American Independent Party ay hindi katulad ~~counties~~ ng pagpaparehistro bilang isang independiente.

Padali na nang Padali ang Pagboto sa Inyong County!

Limang county (**Napa, Nevada, Madera, Sacramento, and San Mateo**) ang nagpapatupad ng bagong sistema ng pagboto upang mapadali ang pagboto. Ang lahat ng tradisyonal na presinto ay papalitan ng mga "center ng pagboto" na maihahambing sa napakalalaking presinto na kumpleto ang serbisyo, at kung kayo ay isang nakarehistrong botante sa alinman sa mga county na ito, kayo ay awtomatikong makakatanggap ng balota sa koreo.

Magkakaroon kayo ng maraming opsyon sa pagboto:

1. Ibalik ang inyong balota **sa pamamagitan ng koreo**
2. Dalhin ito nang walang selyo sa isa sa maraming **"drop box"** na nasa buong probinsya
3. Bumoto nang personal sa kahit saang **"Center ng Pagboto"**



ASIAN AMERICANS
**ADVANCING
JUSTICE**

CALIFORNIA

Upang tumawag sa Chief Elections Official ng California para sa tulong: **800-345-VOTE (8683)**.

Ang impormasyong nariirito ay para sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento na Probinsya lang.

Ano-anong pakinabang ang naibibigay ng mga Center ng Pagboto?

- Maaari kayong bumoto sa *kahit saang* Center ng Pagboto sa inyong county, hindi lang sa pinakamalapit sa inyong tahanan.
- Maaari kayong bumoto nang *maaga* -- Bukas ang mga Center ng Pagboto mula 3 hanggang 28 na araw bago ang Araw ng Eleksyon.
- Maaari kayong magparehistro upang makaboto *at* bumoto sa mismong araw sa Mga Center ng Pagboto, kahit pagkatapos ng pagkalipas ng huling araw ng pagpaparehistro ng botante.
- Maaari kayong gumamit ng pantulong sa pagsasalin ng wika at maraming magagamit na voting machine sa bawat Center ng Pagboto.

Ano ang Huling Araw ng Pagsusumite ng Aking Balota?

Kapag binalik ninyo ang inyong vote-by-mail na balota sa pamamagitan ng koreo, dapat ay naka-postmark ito ng petsa ng Araw ng Eleksyon. Maaari din ninyong dalhin ito saanmang Center ng Pagboto sa inyong bago mag-8 pm sa Araw ng Eleksyon. Tandaang lagdaan at lagyan ng petsa ang inyong vote-by-mail na balota para mabilang ito!
Kung hindi ninyo mahanap ang inyong vote-by-mail na balota, o kung mas gusto ninyong bumoto nang personal, bumoto sa isang Center ng Pagboto.

Paano Ako Boboto Sa Isang Center ng Pagboto?

Maaari kayong bumoto sa *kahit saang* Center ng Pagboto sa inyong county. Makakatanggap kayo ng impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng Center ng Pagboto pati na ang mga oras sa pamamagitan ng koreo, o maaari ninyong tingnan ang website sa eleksyon ng inyong county: www.sos.ca.gov/countv-elections-offices.

Pumasok sa kahit saang Center ng Pagboto, hanapin ang pangunahing mesa, at ibigay sa staff (kilala bilang "mga poll worker") ang inyong pangalan at tirahan. Itanong sa mga poll worker kung may balotang magagamit sa inyong gustong wika.

Kailangan Ko Bang Ipakita ang Aking ID sa Botohan?

Kailangan lang ninyong magpakita ng pagkakakilanlan bago bumoto sa California kung hindi kayo nagbigay ng pagkakakilanlan noong nagpaparehistro upang makaboto. Maraming dokumento ang sapat na. Tawagan nang maaga ang inyong tanggapan ng eleksyon kung mayroon kayong mga tanong.

Maaari Ba Akong Magsama ng Iba Upang Tulungan Akong Bumoto?

Oo. Pinapayagan ng batas ng California na kayo ay magsama ng hanggang dalawang tao sa inyong presinto upang tulungan kayong bumoto, basta't hindi nila kinakatawan ang inyong employer o ang inyong unyon. Magsama ng kamag-anak o kaibigan.

Paano Kung magkaproblema ako sa Aking Presinto?

Huwag sumukol! Kung sasabihin ng mga kawani ng presinto na may problema, muling magparehistro upang makaboto (na dapat lumutas sa ilang problema) o humingi ng probisyonal na balota. O, tumawag sa isang hotline sa Araw ng Eleksyon para sa proteksyon ng mga botante:

- **866-OUR-VOTE (866-687-8683)** para sa tulong sa English.
- **888-API-VOTE (888-274-8683)** para sa tulong sa English at mga wikang Asian.
- **888-Ve-Y-Vota (888-839-8682)** NALEO Educational Fund toll-free na hotline ng bilinggwala na English-Spanish.

Makakaboto Ba Ako sa mga Wikang liban sa English?

Magkakaiba ang tulong sa wika depende sa county. Tawagan ang inyong tanggapan sa eleksyon ng county o bumisita sa isang Center ng Botohan upang itanong kung mayroong nakasalin na mga dokumento at kung ang staff na naroon ay nakapagsasalita ng inyong piniling wika. Maaaring kabilang sa mga potensyal na wikang iniaalok sa inyong county ang:

Chinese, Filipino/Tagalog, Hmong, Korean, Punjabi, Spanish, at Vietnamese.



Ang Asian Americans Advancing Justice - California ay nagpoprotekta-sa mga karapatan sa pagboto ng Asian American, Latino, at mga imigranteng komunidad.

Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus

55 Columbus Avenue, San Francisco, CA 94111

www.advancingjustice-alc.org (415) 896-1701

Jonathan Stein, Staff Attorney at Program Manager, Voting

Rights Program: jonathans@advancingjustice-alc.org Asian

Americans Advancing Justice - Los Angeles 1145 Wilshire Blvd, Los Angeles, CA 90017 www.advancingjustice-la.org (213) 977-7500

Deanna Kitamura, Project Director, Voting Rights Project:

dkitamura@advancingjustice-la.org

Upang tumawag sa Chief Elections Official ng California para sa tulong: **800-345-VOTE (8683)**.